

Buhay Na Tulay: Scaffolding Sa Pagkatuto Ng Filipino Ng Mga Mag-Aaral Sa Special Needs Education

Jennievieve Mae N. Luib ^a, Roel A. Sinfuego ^b

^a jennievievemae.luib@hcdc.edu.ph & ^b roel.sinfuego@hcdc.edu.ph

^aFaculty of Davao City National High School, F. Torres St., Davao City, 8000, Philippines

^bProfessor of Graduate School at Holy Cross of Davao College, Sta. Ana Avenue, Davao City, 8000, Philippines

Abstrak

Mahina na pag-unlad sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa mga mag-aaral ng Special Needs Education (SNED). Sinuri ko ang pag-unlad sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa loob ng *Zone of Proximal Development* (ZPD) ng mga mag-aaral na SNED na nahuhubog sa pamamagitan ng panlipunang interaksyon sa mga guro bilang *More Knowledgeable Others* (MKO), at ng mga kagamitang kultural. Gumamit ako ng deskriptibong kwalitatibong disenyo ng pananaliksik. Nakapanayam ko ang limang guro na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri, natuklasan ko na nakakamit ng mga mag-aaral na SNED ang malayang pagganap, pinahusay na bokabularyo, at kumpiyansa sa komunikasyon kapag ang guro bilang MKO ay pinangasiwaan ang panlipunang interaksyon sa pamamagitan ng *scaffolding* at estratehikong paggamit ng mga kagamitang kultural tulad ng *code-switching*, *visual aids*, at mga *digital na materyales*. Maaaring ipatupad ng mga guro sa espesyal na edukasyon ang multimodal scaffolding gamit ang mga kagamitang kultural upang matugunan ang mga puwang sa pagkatuto. Maaari ring magsagawa ng quasi-experimental na disenyo upang matukoy ang epekto ng scaffolded code-switching at mga digital na kagamitan kumpara sa tradisyonal na pagtuturo.

Mga Susing Salita: Buhay na tulay, scaffolding, pagkatuto ng Filipino, mag-aaral sa special needs education

Introduksiyon

Nanatiling isang kritikal na suliranin sa ilalim ng inklusibong edukasyon ang mababang antas ng pag-unlad sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na kabilang sa Special Needs Education (SNED). Pinatunayan sa mga kontemporaryong pag-aaral nina Davis, et. al., (2024) at Phillips et. al. (2024), na ang mga mag-aaral na *neurodivergent* at may kapansanan ay patuloy na humaharap sa mga balakid sa paglinang ng wika, komunikasyon, at paglinang ng literasi sa loob ng multilingguwal na konteksto, lalo na sa pag-aaral ng katutubo o pambansang wika.

Sa pandaigdigang konteksto ng inklusibong edukasyon, ang pag-unlad pangwika ng mga mag-aaral na SNED ay patuloy na kinikilalang isang kritikal na usaping pang-edukasyon na nangangailangan ng masusing atensiyong akademiko at interbensiyon Peristeri et al., (2024). Sa iba't ibang bansa, patuloy na naitatala ang mahinang pag-unlad sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral na SNED sa mga kontekstong pang-edukasyon. Sa Canada, binigyang-diin ng mga pag-aaral hinggil sa may *autism at multilingual* na mag-aaral ang patuloy na hamon sa pagkatuto ng ikalawang wika at paglinang ng komunikasyon ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, Phillips et. al., (2024). Sa Singapore, nananatiling malinaw ang mga suliranin kaugnay ng pagkatuto ng Mother Tongue Languages ng mga mag-aaral na may autism at iba pang kapansanan sa mga inklusibo at espesyal na paaralan, Frontiers Integrative Neuroscience, (2024). Gayundin, sa United Kingdom,

iniulat ng mga *practitioner* ang nagpapatuloy na kahirapan sa bilingguwal at pagkatuto ng wika ng mga autistic na mag-aaral sa loob ng silid-aralan, Davis et al., (2024).

Sa konteksto ng Pilipinas, ang mahinang pag-unlad sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na SNED ay nananatiling isang mahalagang suliraning pang-edukasyon sa kabila ng patuloy na pagsusulong ng inklusibong edukasyon. Binibigyang-diin sa mga kasalukuyang diskursong pang-edukasyon ang kahalagahan ng language inclusion at pantay na akses sa oportunidad sa pagkatuto para sa mga mag-aaral na may kapansanan sa loob ng multilingguwal na silid-aralan, Department of Education, (2023). Ang patuloy na usapin hinggil sa kasanayan sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan ay nagpapakita ng pangangailangang higit pang masuri ang kanilang karanasan sa pagkatuto ng wika at suportang instruksiyonal sa loob ng inklusibong edukasyon sa bansa, Department of Education, (2023).

Ang patuloy na mahinang pag-unlad sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral na SNED ay may seryosong implikasyon sa kanilang partisipasyong akademiko at panlipunan. Ang limitadong kasanayan sa wika ay maaaring magdulot ng mababang partisipasyon sa klase, limitadong kakayahan sa komunikasyon, mababang akademikong pakikilahok, at kahirapan sa mabisang pagpapahayag ng ideya at damdamin. Maaari rin itong makaapekto sa kumpiyansa ng mga mag-aaral, sa kanilang interaksyon sa kapwa mag-aaral at guro, at sa kanilang transisyon tungo sa independiyenteng pagkatuto at pakikilahok sa inklusibong silid-aralan, Mihai & Classen, (2023); Blair et. al., (2024).

Kahalagahan ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito na mapalalim ang pag-unawa sa proseso ng *scaffolding* sa SNED at sa kahalagahan nito sa inklusibong pagkatuto. Makikinabang ang mga guro sapagkat kinikilala nito ang kanilang tungkulin bilang *More Knowledgeable Others (MKO)* at binibigyang-diin ang kanilang mga estratehiyang pampagtuturo. Para naman sa mga mag-aaral na SNED, tinitiyak nito ang pantay na akses sa dekalidad na edukasyon sa pamamagitan ng angkop na paggabay at suportadong pagkatuto.

Para sa mga administrador, CHED, at mga tagapagbalangkas ng polisiya, magsisilbi itong batayan sa pagbuo ng mas inklusibong mga polisiya, kurikulum, at programang pangpagsasanay para sa mga guro. Para sa mga magulang, nagbibigay ito ng gabay kung paano masuportahan ang pagkatuto ng kanilang anak sa tahanan.

Para sa lipunan, nakaangkla ang pag-aaral na ito sa Sustainable Development Goal 4: Quality Education, United Nations, (2015) na nagtataguyod ng dekalidad at inklusibong edukasyon. Para naman sa mga susunod na mananaliksik, magsisilbi itong pundasyon para sa mas malalim pang pag-aaral hinggil sa scaffolding at pagkatuto ng Wikang Filipino sa SNED.


Paglalahad ng Suliranin

Sinuri sa pag-aaral na ito ang pag-unlad sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa loob ng *Zone of Proximal Development (ZPD)* ng mga mag-aaral na *Special Needs Education (SNED)* na nahuhubog sa pamamagitan ng panlipunang interaksyon sa mga guro bilang *More Knowledgeable Others (MKO)*, at ng mga kagamitang kultural na sumusuporta sa proseso ng pagkatuto. Tiniyak ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang mga manipestasyon ng pag-unlad sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa loob ng *Zone of Proximal Development (ZPD)*?
2. Ano ang mga papel ng panlipunang interaksyon at mga kagamitang kultural sa paghubog ng pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na SNED?

Teoretikal na Lente

Nakabatay ang pag-aaral na ito sa *Social Development Theory* ni Lev Vygotsky (1978), na nagsasaad na ang pag-unlad ng kognisyon ay nahuhubog sa pamamagitan ng panlipunang interaksyon at impluwensiyang kultural. Ayon kay Vygotsky, ang pagkatuto ay unang nagaganap sa antas panlipunan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mas may kaalaman na indibidwal at kalaunan ay naisasaloob ng mag-aaral bilang malayang pag-unawa. Binigyang-diin din niya na mahalagang kasangkapan sa paglinang ng mas mataas na pag-iisip ang wika, komunikasyon, at kolaboratibong gawain. Isang mahalagang bahagi ng teorya ang *Zone of Proximal Development (ZPD)*, na tumutukoy sa agwat sa pagitan ng kayang gawin ng mag-aaral nang mag-isa at ng kaya niyang maisagawa sa tulong ng *More Knowledgeable Other (MKO)* tulad ng guro, magulang, o kamag-aral. Sa pamamagitan ng panlipunang interaksyon at scaffolding, unti-unting nalilining ng mag-aaral ang kasanayang kognitibo at kakayahang magsagawa ng gawain nang nakapag-iisa.



Talaguhitan 1. Konseptwal na Balangkas

Mga Palagay

Ipinapalagay sa pag-aaral na ito na ang pagkatuto ng mga mag-aaral na SNED ay hindi isang hiwalay na proseso kundi pangunahing nahuhubog sa pamamagitan ng panlipunang interaksyon, alinsunod sa teorya ni Vygotsky (1978). Sa balangkas na ito, ipinapalagay na ang guro ay gumaganap ng mahalagang papel bilang MKO na gumagabay sa mga mag-aaral mula sa kanilang kasalukuyang antas ng pag-unawa tungo sa mas mataas na antas ng pagkatuto sa loob ng ZPD.

Ipinapalagay din na kung walang aktibong paggabay ng guro, ang mga mag-aaral ay nananatili sa kanilang *Zone of Actual Development (ZAD)*, na kadalasang nakabatay sa kanilang kasalukuyang kasanayan sa Ingles, at hindi ganap na naaabot ang inaasahang kahusayan sa Wikang Filipino. Sa ganitong pananaw, naniniwala rin ang pag-aaral na ang epektibong paggabay ng guro at ang angkop na paggamit ng mga estratehiya ng *scaffolding* ay malaki ang naitutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa, partisipasyon, at pagkatuto ng mga mag-aaral na SNED sa asignaturang Filipino sa loob ng inklusibong silid-aralan.

Metodo

Inilalahad ko sa mga susunod na bahagi ang sistematikong proseso ng aking pananaliksik upang matiyak ang kredibilidad ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng malinaw na pagtalakay sa disensyo ng pananaliksik, lokal at mga kalahok, pamamaraan ng sampling, instrument at etikal na konsiderasyon.

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ko ang deskriptibong-kwalitatibong disenyo ng pananaliksik dahil pinahihintulutan nito akong makapagbigay ng detalyado at komprehensibong paglalarawan ng mga karanasan, pananaw, at interaksyon ng mga kalahok sa kanilang likas na konteksto. Karaniwang ginagamit ang disenyong ito kapag layunin ng pag-aaral na maunawaan at mailarawan ang isang penomenon batay sa sariling salaysay at karanasan ng mga kalahok nang hindi minamanipula ang mga baryabol, McCombes, (2023). Naging angkop ang disenyong ito sa aking pag-aaral sapagkat nabigyan ako ng pagkakataong masuri kung paano pinadadali ng mga guro ang pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na SNED sa pamamagitan ng *scaffolding* at panlipunang interaksyon. Isa sa mga pangunahing bentahe ng deskriptibong-kwalitatibong pananaliksik ay ang kakayahan nitong makalikom ng mayaman, awtentiko, at masusing datos na malapit sa aktuwal na karanasan ng mga kalahok, na higit na nagpapatibay sa kredibilidad at kabuluhan ng mga natuklasan, Oranga & Matere, (2023).

Pook ng Pananaliksik

Isasagawa ang pananaliksik na ito sa isang piling pampublikong paaralan na nagpapatupad ng *Inclusive Education* sa Lungsod ng Davao, Rehiyon XI. Pinili ang lokal na ito dahil sa pagkakaroon nito ng dedikadong programa para sa *Special Needs Education (SNED)*, na nagbibigay ng angkop na lunan upang suriin ang mga sosyo-lingguwistikong dinamiko sa loob ng silid-aralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay kabibilangan ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga inklusibong klase.

Mga Kalahok at Pamamaraan ng Pagpili

Sa pag-aaral na ito, ginamit ko ang *purposive sampling* upang pumili ng isang magkakauri o *homogeneous* na pangkat ng mga guro na may direktang karanasan sa penomenon ng *scaffolding* at lingguwistikong pagpapadulay (*linguistic bridging*). Pinili ko ang pamamaraang ito dahil, gaya ng ipinaliwanag nina Palinkas et al. (2020) at nina Rai at Thapa (2021), ito ang pinakaangkop para sa pagtukoy ng mga kalahok na nagtataglay ng tiyak na kaalaman at katangiang kinakailangan upang maunawaan ang sentral na pokus ng aking pananaliksik.

Ang mga kalahok sa aking pag-aaral ay binubuo ng limang (5) regular na guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Lungsod ng Davao. Pinili ko sila batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) mayroon silang hindi bababa sa tatlong (3) taong karanasan sa pagtuturo, (2) kasalukuyan silang nagtuturo sa mga mag-aaral ng SNED na itinuturing na mga *English-dominant* na mag-aaral, at (3) nagpapatupad sila ng estratehikong pamamagitan sa loob ng isang inklusibong silid-aralan. Sadyang hindi ko isinama ang mga gurong bago pa lamang sa propesyon upang matiyak na ang mga karanasang ibabahagi sa mga panayam ay magpapakita ng lalim at yaman ng karanasan.

Alinsunod sa mga rekomendasyon nina Smith, Flowers, at Larkin (2009) para sa *Interpretative Phenomenological Analysis (IPA)*, nakipagtulungan ako sa isang maliit at maingat na piniling pangkat ng mga kalahok upang bigyang-daang ang isang idyograpiko at malalim na pagsusuri sa bawat indibidwal na karanasan. Isinagawa ko ang mga indibidwal na panayam sa mga oras at lokasyong maginhawa para sa mga kalahok, bilang pagkilala sa mga hiningi ng kanilang tungkulin bilang MKO na nagpapatulay sa sosyo-lingguwistikong transisyon ng mga mag-aaral mula Ingles patungong Filipino.

Sa buong proseso ng paggagalugad ng datos, tiniyak ko na naabot ang saturasyon ng datos; ang punto kung saan wala nang mga bagong tema o impormasyon ang lumilitaw mula sa mga panayam Moore et. al., (2024). Nang maging paulit-ulit na ang mga tugon at wala nang karagdagang pananaw ang nalilikha, tinapos ko na ang paggagalugad ng datos alinsunod sa mga pamantayang akademiko Saunders et. al., (2017), na nagpapatunay na nakalikom ako ng sapat na impormasyon upang mailarawan ang esensya ng mga karanasan ng mga guro.

Teknik sa Panggagalugad ng Datos

Ginamit ko ang *semi-structured in-depth interviews* sa pag-aaral na ito. Ayon kina Smith at Osborn (2015), ang ganitong paraan ay nagbibigay ng kalayaan sa mga kalahok na mailahad ang kanilang mga karanasan nang mas malalim, habang nananatili pa rin ang gabay sa daloy ng talakayan. Mahalaga ang estratehiyang ito dahil nakatulong ito upang maipaliwanag nang detalyado ng mga guro kung paano nila ginagabayan ang mga mag-aaral mula sa ZAD patungo sa ZPD.

Sa pamamagitan ng paraang ito, naitatag ang *reciprocal communication*, na mahalaga sa pag-unawa sa mga subjektibong karanasan ng mga guro, Galletta, (2013), partikular sa kanilang papel sa paggabay bilang MKO sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Pagsusuri ng Datos


Sa pagsusuri ng datos sa mga kalahok, ginamit ko ang *Thematic Analysis*. Ito ay ang pagsusuri ng datos na may kaugnayan sa mga opinyon, saloobin, damdamin, at iba pang paglalarawang pahayag (Rosairo, 2023). Ito ay tumutulong sa mananaliksik na makita at maunawaan ang kolektibo o parehong kahulugan at karanasan sa pamamagitan ng pagtuon sa konteksto ng dataset. Ang paglalaan ng sapat na oras sa pagpili ng tamang tema ay mahalaga upang maiwasan ang pagkakapareho sa pagsusuri ng mga suliranin, tulad ng kakulangan sa masusing pag-aaral at hindi malinaw na pagpapakahulugan sa tema (Braun & Clarke, 2012). Sa pagsisimula ng aking pagsusuri, ang unang mahalagang hakbang na aking ginawa ay ang pagpamilyar sa datos sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbasa ng transkrip ng *audio recording* ng mga kalahok. Ikalawa, ay ang pagbuo ng mga panimulang code sa pamamagitan ng paglalagay ng *label o keywords* na may mahalagang kaugnayan sa aking paksa. Ikatlo, paghahanap ng mga tema na sumasalamin sa mga ebidensiyang nakuha mula sa pakikipanayam. Ikaapat, pagpapatatag ng mga tema sa pamamagitan ng pagsisiguro na ang temang napili ay talagang tumutugma sa mga sinabi ng kalahok. Ikalimang hakbang, isinagawa ko ang pagbibigay-kahulugan at pangpapangalan sa tema. Ikaanim at panghuling hakbang ay ang pagsulat ng ulat, sa bahaging ito ay inilahad ko ang naging resulta at ang mga direktang sipi mula sa mga kalahok upang maging matibay ang aking mga argumento at mapatunayan ang tagumpay ng aking pananaliksik.

Etikal na Konsiderasyon

Sa pagsasagawa ng pag-aaral, nagbigay ako ng matinding diin sa mga etikal na konsiderasyon alinsunod sa mga alituntunin ng pagsusuring etikal ng SMILE at sa mga prinsipyong binalangkas nina Creswell at Poth (2018). Kabilang dito ang pagtiyak sa halagang panlipunan, pagkuha ng may-kaalamang pahintulot (*informed consent*), at pagprotekta sa identidad ng mga kalahok gamit ang mga pangkalahatang pagkakakilanlan. Upang matiyak ang pagiging mapagkakatiwalaan ng pananaliksik, sinunod ko ang mga pamantayang ipinanukala nina Lincoln at Guba (1985): kredibilidad, kumpirmabilidad, kakayahang mailipat, at pagiging maaasahan. Ang lahat ng aktibidad sa pananaliksik ay idinokumento upang matiyak ang konsistensya at kredibilidad ng mga nakalap na datos.

Resulta

Inilalahad ng kabanatang ito ang sistematikong pagsusuri sa mga datos at tinig ng mga guro sa inklusibong silid-aralan sa pamamagitan ng paglalatag ng binagong paradigma, mga temang batay sa teorya, at masusing talakayan ng mga natuklasang resulta.



Talaguhitan 2. Modepikadong Paradigma ng Pananaliksik

Mga Manifestasyon ng Pag-unlad sa Pagkatuto ng Wikang Filipino sa loob ng Zone of Proximal Development (ZPD)

Sa aking pag-aaral, malinaw kong nasaksihan kung paano unti-unting lumalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral na SNED sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa loob ng ZPD. Sa pamamagitan ng may-gabay na pagtuturo, nakita ko ang kanilang paglalakbay mula sa limitadong pag-unawa tungo sa mas aktibong partisipasyon, mas malalim na pagkatuto, at unti-unting pagiging independiyente sa paggamit ng wika. Ang mga pagbabagong ito ay hindi lamang nakikita sa kanilang akademikong pagganap kundi maging sa paraan ng kanilang pakikipag-ugnayan, pagtugon, at pagpapahayag ng sarili sa loob ng silid-aralan.

Sa Mas Mataas na Partisipasyon sa mga Gawaing Pampagkatuto. Binibigyang-kahulugan ko ang mas mataas na partisipasyon bilang pag-usbong ng interes, atensiya, at kahandaang makibahagi ng mga mag-aaral sa mga interaksiyon at gawain sa klase. Ito ay binanggit ng dalawang (2) kalahok, Kalahok 2 at 3, na kapwa nagbigay-liwanag sa unti-unting pagbabago sa asal at pagtugon ng kanilang mga mag-aaral.

kapag nakasasagot na siya, kapag nagpag-participate na siya sa mga tanong ko. At yung nakukuha ko na yung attention niya sa isang panuto lamang o sa isang pagbibigay ko lamang ng instruction – (IDI, K3, p9, L25-30)

Kapag nagkakaroon na sila ng eye contact (pagtingin sa mata) at alam na nila kung paano sumagot kahit isang salita lang sa Filipino. – (IDI, K2, p8, L38-40)

Habang pinagninilayan ko ang mga pahayag na ito, aking napatunayan na ang simpleng pagsagot, pagbibigay ng eye contact, at pagtugon sa panuto ay hindi lamang ordinaryong kilos sa loob ng klase, kundi mga makabuluhang palatandaan ng pagpasok ng mga mag-aaral sa aktibong partisipasyon sa loob ng ZPD. Para sa akin, ang bawat maliit na tugon ay nagsisilbing patunay na unti-unti nilang nalalampasan ang kanilang dating limitasyon sa pagkatuto.

Sa Mas Mahusay na Kasanayan sa Pag-unawa. Kinikilala ko ang pag-unlad sa pag-unawa bilang kakayahan ng mga mag-aaral na maiugnay at magamit ang kanilang natutuhan sa mga tunay na sitwasyon. Lumitaw ito sa mga salaysay ng dalawang (2) kalahok, Kalahok 4 at 5, na parehong nagbigay-diin sa kahalagahan ng aplikasyon ng konsepto bilang sukatan ng pagkatuto.

Nalalaman ko kung handa na ang isang mag-aaral ng SNED para sa bagong konsepto... Kung epektibo at awtomatiko na niyang nagagamit ang nakaraang konsepto sa isang totoong sitwasyon sa pangaraw-araw na buhay. – (IDI, K4, p11, L4-8)

Masasabi kong handa na ang isang SNED learner sa konsepto sa Pilipino kapag nakikita kung nagagamit na niya o nai-a-apply na niya yung mga natutunan niya sa asignaturang Pilipino kahit ng mga simple yung pagkatuto lamang ng mga salita. (IDI, K5, p12, L5-10)

Naniniwala ako na ipinapakita nito ang unti-unting pagpoproseso ng kaisipan at pagsasapuso ng mga konsepto, kung saan nililalang ng mga mag-aaral ang mas malalim na pag-unawa sa mga input sa wikang Filipino.

Sa Pagpapalawak ng Bokabularyo (Vocabulary Enhancement). Naobserbahan ko rin ang paglawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang exposure at pakikipag-ugnayan sa loob ng klase. Ito ay binanggit ng dalawang (2) kalahok (Kalahok 5 at 1), na naglarawan kung paano unti-unting nagagamit ng mga mag-aaral ang mga bagong salita sa makabuluhang paraan.

kung nagagamit niya yung salitang maganda in a conversational manner pwedeng sa akin o sa mga klase niya maaaring masasabi kung andon na yung progress. – (IDI, K5, p12, L11-15)

kapag kaya na nilang gamitin ang bagong salita na aking binibigay sa sarili nilang pangungusap, lalo na sa pang-araw-araw na sitwasyon. – (IDI, K1, p18, L22-26)

Habang sinusuri ko ang mga salaysay na ito, aking napagtanto na ang paggamit ng mga bagong salita sa sariling pangungusap ay nagpapakita ng lumalawak na kakayahang leksikal ng mga mag-aaral. Ang bawat salitang kanilang nagagamit nang kusa ay nagsisilbing tanda ng unti-unting paglinang ng kanilang kakayahang pangwika sa loob ng may-gabay na pagkatuto.

Paglinang ng Kumpiyansa sa Komunikasyon. Sa aking pagsusuri, nakita ko rin ang malinaw na paglipat ng mga mag-aaral mula sa pag-aalinlangan tungo sa mas matapang at aktibong pagpapahayag ng sarili. Lumitaw ito sa mga pahayag nina Kalahok 1 at Kalahok 4.

lalo na kapag nakikita kung kaya na nilang magsalita ng Filipino ng mag-isa. (IDI, K1, p8, L36)

kung naituro ko na ang simpleng past tense sa Filipino, At nakikita kong nagagamit na nila ito sa pagkukwento o pagsagot ng mga tanong nang hindi na kailangang itanong kung paano ito gagawin. – (IDI, K4, p11, L12-16)

Sa aking pagninilay, natuklasan ko na ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsalita, sumagot, at bumuo ng pangungusap nang may kumpiyansa ay malinaw na indikasyon ng kanilang pag-unlad sa komunikasyon. Para sa akin, ang kanilang unti-unting pag-angat mula sa pagiging tahimik tungo sa pagiging aktibong kalahok ay isa sa pinakamahalagang manifestasyon ng pag-unlad sa loob ng ZPD.

Transisyon mula sa May Gabay tungo sa Malayang Pagganap. Isa sa pinakamahalagang natuklasan sa aking pag-aaral ay ang paglipat ng mga mag-aaral mula sa may-gabay na pagkatuto tungo sa independiyenteng pagganap. Ito ay lumitaw sa mga salaysay ng tatlong kalahok (Kalahok 2, 4, at 5), na nagbigay-diin sa kahalagahan ng unti-unting pagpapalaya sa mga mag-aaral habang patuloy pa rin ang suporta ng guro.

Kapag nakabuo na sila ng pangungusap sa Filipino nang walang tulong ko, iyon ang pinakamasarap na pakiramdam para sa akin. – (IDI, K2, p9, L14-17)

pagbibigay sa kanila ng mas maraming pagkakataon na mag-isip at kumilos na mag-isang, habang alam nilang nandyan pa rin ako para support akong kinakailangan. Ang makita silang lumilipad ng mag-isa ang pinakamalaking gantimpala. – (IDI, K4, p12, L44-48)

Ipinapakita ng mga pahayag na ito ang malinaw na ebidensiya ng pag-unlad sa loob ng ZPD, kung saan ang mga mag-aaral ay unti-unting lumilipat mula sa may gabay na pagkatuto patungo sa malayang pagganap.

Panlipunang Interaksiyon at Mga Kagamitang Kultural sa Paghubog ng Pag-unlad ng mga Mag-aaral na SNED

Sa ikalawang temang ito, aking sinuri ang mga panlabas na suporta at kagamitang kultural na humuhubog sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na SNED. Mula sa mga salaysay ng aking mga kalahok, aking natuklasan na ang pagkatuto ay bunga ng makabuluhang interaksiyon, paggabay, at pag-angkop ng mga guro, na nagsisilbing gabay at tulay tungo sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral.

Pagbibigay ng Scaffolding. Isa sa pinakamatingkad na tungkuling lumitaw sa aking pagsusuri ay ang pagbibigay ng *scaffolding* bilang paraan ng paggabay sa mga mag-aaral habang sila ay nasa proseso ng pagkatuto. Binanggit ito ng tatlong kalahok (Kalahok 5, 2, at 1), na kapwa naglarawan kung paano nila inaangkop ang kanilang pagtuturo upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konseptong pangwika.

may mga pagkakataon na pinatranslate ko pa talaga sinasalin para mas maintindihan nila, magkaunawaan kaming dalawa.. – (IDI, K5, p7, L27-29)

Ang papel ko ay magiging tagapagsalin ng konsepto, hindi lang ako nagtuturo ng salita. Kailangan kong ipaliwanag ang diwa ng Pilipino gamit ang mga salitang Ingles sa alam nila. – (IDI, K2, p3, L29-33)

Ako ang nagsisilbing tulay. Kapag hindi nila naiintindihan ang Filipino, gumagamit ako ng Ingles bilang panimulang paliwanan. – (IDI, K1, p3, L8-11)

Habang aking pinagninilayan ang mga pahayag na ito, malinaw kong nakita na ang guro ay tunay na gumaganap bilang MKO na nagbibigay ng *linguistic scaffolding* upang unti-unting maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konsepto sa Wikang Filipino.

Pagtulay sa mga Puwang sa Pagkatuto. Bukod sa akademikong paggabay, aking natuklasan na ang mga guro ay nagsisilbi ring emosyonal at instruksiyonal na tulay upang matugunan ang mga puwang sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ito ay lumitaw sa mga pahayag nina Kalahok 4 at 5.

humanap ng iba pang paraan kadalasan ang ginawa ko ay isinasalin ko ang abstract sa konsepto mula Ingles patungong Pilipino gamit ang salitang pamilyar na sa kanila at paulit-ulit ko yung pinapaliwanag ng hindi nagagalit. – (IDI, K4, p10, L10-15)

Malawak na pasensya at pag-unawa talaga ang kailangan. Ilalagay ko ang sarili ko sa sitwasyon nila. – (IDI, K5, p8, L8-13)

Sa aking pag-unawa, ipinakikita ng mga salaysay na ito na ang epektibong paggabay ay nangangailangan hindi lamang ng angkop na estratehiya sa pagtuturo kundi pati ng pasensya, empatiya, at pag-unawa sa karanasan ng mga mag-aaral upang maging makahulugan ang pagkatuto.

Mga Kagamitang Kultural at Medyasyon

Code-Switching. Sa aking pagsusuri, nakita ko na ang *code-switching* ay nagsisilbing mahalagang estratehikong kagamitan upang maging mas malinaw ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paglipat mula Ingles tungo sa Filipino o paggamit ng “Taglish,” nababawasan ang kalituhan ng mga mag-aaral habang unti-unti nilang inuunawa ang ikalawang wika.

hindi nawawala talaga yung tulad dito yung code switching, na Kailangan natin na mag-translate talaga ng mga salita.. – (IDI, K3, p14, L5-7)

Madalas akong mag-tuglish sa classroom kapag sinabi ko upuan, ituturo ko talaga ang siliya at sasabing this is a chair. – (IDI, K2, p13, L19-22)

Mga Biswal na Pantulong, Di-Berbal na Pahiwatig, at Digital o Multimodal na Materyales. Aking nakita na mahalagang bahagi rin ng pagkatuto ang paggamit ng mga biswal na pantulong, di-berbal na pahiwatig, at *digital* o *multimodal* na materyales. Sa pamamagitan ng mga larawan, kilos, *flashcards*, *video clips*, at *emojis*, nagiging kongkreto at mas madaling maunawaan ang mga abstraktong konsepto sa wika.

para sa visual clues naman Paggamit ng mga larawan Flashcards Ipapaliwanag na tsart, diagrams, at maging mga video clips na napapakita ng action o bagay na tinutukoy sa Pilipino. – (IDI, K4, p15, L44-48)

mga larawan at kilos ng kamay para mas madali nilang maunawaan ang aralin – (IDI, K1, p13, L2-3)

gumagamit din ako ng mga emojis para ituro ang mga damdamin. Halimbawa, masaya, happy face. – (IDI, K2, p13, L23-25)

Sa aking pagninilay, aking napagtanto na ang mga di-berbal na pahiwatig at digital o multimodal na materyales ay mahalagang suporta upang maging mas malinaw, makahulugan, kawili-wili, at epektibo ang komunikasyon at pagkatuto ng Wikang Filipino.

Interes ng mga Mag-aaral. Mahalaga ring natuklasan ko na ang pagsasaalang-alang sa personal na interes ng mga mag-aaral ay nakatutulong upang maging mas makabuluhan at kawili-wili ang pagkatuto. Kapag naiugnay ang aralin sa mga bagay na kinahihiligan nila, mas nagiging bukas sila sa pagkatuto at pakikilahok.

Kung gusto niya ng Minecraft, gagamitin ko ang Minecraft para ituro ito sa kanila. – (IDI, K2, p4, L4-5)

Istrukturadong Suporta sa Pagkatuto. Sa aking pag-aaral, malinaw ding lumitaw ang kahalagahan ng istrukturadong suporta sa pagkatuto bilang gabay ng mga mag-aaral habang unti-unti nilang natututuhan ang mga gawaing hindi pa nila kayang gawin nang mag-isa.

meron din mga visual charts na may mga larawan, halimbawa pandiwa yung tinuturo ko, hindi nila alam yung tawag sa kilos na yan. Pero may picture, at least maiintindihan nila... I am running, ako ay tumatakbo. – (IDI, K3, p14, L12-17)

Gumawa ako ng isang sentence script kung saan nakasulat ang mga bahagi ng pangungusap na maaaring niyang pagpilian. Simuno-pandiwa-panaguri, na may larawan para sa bawat salita.. Binigyan ko siya ng mga larawan ng iba't ibang salita at pinagdugtong-dugtong niya ang mga ito gamit ang sentence script. Sa unang pagkakataon nakabuo siya ng pangusap na ang bata ay kumain ng mansanas. – (IDI, K4, p17, L44-50)

Sa kabuuan, napatunayan ko na ang *code-switching*, mga biswal na pantulong, mga di-berbal na pahiwatig, digital at multimodal na materyales, pagsasaalang-alang sa interes ng mag-aaral, at istrukturadong suporta sa pagkatuto ay nagsisilbing mahahalagang kagamitang kultural sa paghubog ng pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na SNED. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, nagiging mas malinaw, makahulugan, kawili-wili, at madaling maunawaan ang mga aralin, habang unti-unting napapalakas ang motibasyon, partisipasyon, pag-unawa, at kakayahan ng mga mag-aaral tungo sa independiyenteng pagkatuto.

Buod ng mga Natuklasan

1. Ang mga manipistasyon ng pag-unlad sa pagkatuto ng wikang Filipino sa loob ng ZPD ay makikita sa unti-unting pagtaas ng partisipasyon ng mga mag-aaral, mas mabuting pag-unawa, pagpapayaman ng bokabularyo, paglinang ng kumpiyansa sa komunikasyon, at kakayahang maisagawa ang mga gawaing pangwika na dati ay hindi nila kayang gawin nang nakapag-iisa.
2. Ang panlipunang interaksyon na humuhubog sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na SNED ay naipapakita sa ugnayan ng guro at mag-aaral, paggabay ng guro, at scaffolding kung saan ginagampanan ng guro ang papel bilang MKO. Samantala, ang mga kagamitang kultural tulad ng *code-switching*, mga biswal na pantulong, *gestures* o mga kilos, *digital* na materyales, at pagsasaalang-alang sa interes ng mga mag-aaral ay nakatutulong upang maging mas malinaw, makahulugan, at madaling maunawaan ang mga aralin sa Wikang Filipino.

Diskusyon

Sa bahaging, inilahad ko ang diskusyon sa mga natuklasan ng aking pag-aaral. Inilahad ko rin ang mga implikasyon para sa mga Gawi at Susunod na Direksyon.

Mga Indikasyon ng Pag-unlad ng Mag-aaral sa Loob ng ZPD

Natuklasan sa aking pag-aaral na ang mga manipestasyon ng pag-unlad sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa loob ng ZPD ay makikita sa unti-unting pagtaas ng partisipasyon ng mga mag-aaral, mas mabuting pag-unawa, pagpapayaman ng bokabularyo, paglinang ng kumpiyansa sa komunikasyon, at kakayahang maisagawa ang mga gawaing pangwika na dati ay hindi nila kayang gawin nang nakapag-iisa.

Umaayon ang natuklasang ito sa pag-aaral nina Mihai at Classen (2023), na nagsasabing ang makabuluhang interaksyon at *scaffolding* ay nagtataguyod ng pag-unlad sa wika, partisipasyon, at unti-unting pagiging independiyente ng mga mag-aaral. Ipinaliwanag sa kanilang pag-aaral na nalilina ang kasanayan sa komunikasyon at kumpiyansa ng mga mag-aaral kapag ako, bilang guro, ay nagbibigay ng istrukturadong suporta at gabay na interaksyon, isang prosesong tuwirang sumusuporta sa konsepto ni Vygotsky tungkol sa ZPD.

Katulad nito, nakita ko rin na umaayon ang aking mga obserbasyon sa pag-aaral nina Blair, De Oliveira, at Avalos (2024) na natuklasang nakatutulong ang mga estratehiya ng *scaffolding* upang unti-unting maisagawa ng mga *multilingual* na mag-aaral ang mga gawaing pangwika nang nakapag-iisa. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang gabay na pagtuturo, suportang pangwika, at interaksyon ay nagpapahusay sa pag-unawa, paglinang ng bokabularyo, at kumpiyansa ng mga mag-aaral, katulad ng pag-unlad na aking nasaksihan sa aking mga mag-aaral.

Gayunpaman, hindi ako lubos na sumasang-ayon sa pananaw nina Villaabril et al. (2024) na nagsasabing may ilang mag-aaral na nagpapakita pa rin ng magkakaibang saloobin sa *code-switching* at mga estratehiya ng language mediation. Ipinahihiwatig nito na hindi lahat ng mag-aaral ay pare-parehong nakikinabang sa scaffolded language support, at maaaring magkaiba ang antas ng pag-unlad at partisipasyon depende sa saloobin at kagustuhang pangwika ng bawat mag-aaral.

Medyasyon ng MKO at Kultural na Scaffolding

Sa pagbabalik-tanaw ko sa aking paglalakbay kasama ang mga kalahok sa pag-aaral, napagtanto ko na ang panlipunang interaksyon na humuhubog sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na SNED ay naipapakita sa ugnayan ng guro at mag-aaral, paggabay ng guro, at *scaffolding* kung saan ginagampanan ng guro ang papel bilang MKO. Samantala, ang mga kagamitang kultural tulad ng *code-switching*, mga biswal na pantulong, *gestures* o mga kilos, digital na materyales, at pagsasaalang-alang sa interes ng mga mag-aaral ay nakatutulong upang maging mas malinaw, makahulugan, at madaling maunawaan ang mga aralin sa Wikang Filipino.

Natuklasan ko na ang aking papel bilang tagapagpadaloy ng pagkatuto ay sinusupportahan ng pag-aaral nina Mihai at Classen (2023), na nagsasabing mahalaga ang mga guro sa paglinang ng wika sa pamamagitan ng scaffolding at makabuluhang panlipunang interaksyon. Binibigyang-diin sa kanilang pag-aaral na ang suportang instruksiyonal at gabay na interaksyon ay tumutulong sa mga mag-aaral upang makabuo ng kahulugan at mapaunlad ang pagkatuto ng wika, na higit na nagpapatibay sa papel ng guro bilang MKO.

Gayundin, nakita ko na tumutugma ang aking resulta sa pag-aaral nina Balilla, Morales, at De Mayo (2024), na natuklasang ang pedagogic *code-switching* ay nagsisilbing epektibong kagamitang instruksiyonal upang mapadali ang pag-unawa at interaksyon sa silid-aralan. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang *code-*

switching ay nakatutulong upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin at mapalakas ang komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, na naaayon sa mga kagamitang kultural na ginamit ko sa aking pag-aaral.

Sa kabilang banda, hindi ako lubos na sumasang-ayon sa pag-aaral nina Villarreal et al. (2024) na nagsasabing may magkakaibang pananaw ang mga mag-aaral hinggil sa *code-switching* at may ilang hindi ganap na pabor sa paggamit nito sa pagtuturo. Taliwas ito sa aking kasalukuyang pag-aaral, kung saan natukoy ko na ang *code-switching* ay isang makabuluhang kagamitang kultural na nagpapahusay sa pag-unawa at nagsisilbing tulay sa pagkatuto ng aking mga mag-aaral na SNED.

Implikasyon sa Praktika

Ang mga administrador ng paaralan, katuwang ang mga guro sa espesyal na edukasyon, ay maaaring magpatupad ng multimodal na scaffolding na gawain na nagsasama ng mga kagamitang kultural tulad ng digital na materyales, *code-switching*, at mga biswal na pantulong sa pagtuturo ng Wikang Filipino. Sa pagganap ng mga guro bilang MKO, napapadali ang istrukturadong panlipunang interaksyon na nakatuon sa pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa loob ng kanilang ZPD. Layunin ng interbensiyong ito na matulungan ang mga mag-aaral na makalipat mula sa may gabay na pagkatuto tungo sa independiyenteng pagganap, na nagreresulta sa pagpapayaman ng bokabularyo, pagpapabuti ng pag-unawa, at pagtaas ng kumpiyansa sa komunikasyon ng mga mag-aaral na SNED.

Direksiyon para sa Hinaharap na Pag-aaral

Maaaring gumamit ang mga susunod na pananaliksik ng *quasi-experimental* na disenyo upang magsagawa ng komparatibong pagsusuri sa pagitan ng mga mag-aaral na tumatanggap ng tradisyunal na pagtuturo at yaong sinusuportahan ng *scaffolded code-switching* at mga digital na kagamitan. Sa pamamagitan ng *independent samples t-test*, maaaring matukoy ang estadistikal na kahalagahan ng mga interbensiyong ito sa kasanayan sa Wikang Filipino sa iba't ibang konteksto ng paaralan. Ang pagpapalawak na ito sa kuantitatibong pamamaraan ay higit pang susuri sa pangmatagalang epekto ng scaffolding sa iba't ibang uri ng kapansanan upang makapagbigay ng empirikal na ebidensiya para sa pambansang reporma sa kurikulum.

Pasasalamat

Taos-puso kong ipinapahayag ang aking malalim na pasasalamat sa lahat ng naging bahagi ng pagbuo at pagtatagumpay ng pag-aaral na ito. Ang pananaliksik na ito ay hindi lamang bunga ng aking pagsisikap, kundi ng tulong, suporta, at panalangin ng mga taong naging bahagi ng aking akademikong paglalakbay.

Sa mga dalubhasa at kagalang-galang na miyembro ng Lupon ng Tagapagsuri na sina Gng. Estrella B. Salazar, EdD, G. Leonardo Jr. S. Rulida, PhD, at G. Romulo N. Peralta, EdD, sa kanilang mahahalagang puna, suhestyon, at gabay na naging daan upang higit na mapabuti ang aking pag-aaral.

Taos-puso rin akong nagpapasalamat sa aking tagapayo na si G. Roel A. Sinfuego, PhD, sa kanyang walang sawang paggabay, pagbibigay ng direksiyon, at pagbabahagi ng kaalaman na naging inspirasyon ko upang matapos ang pag-aaral na ito nang may tiwala at determinasyon. Gayundin, pinasasalamatan ko si Gng. Estrella B. Salazar, EdD bilang editor, sa kanyang masusing pagrebisa at mahahalagang mungkahi upang higit na mapino ang papel-pananaliksik na ito.

Lubos ko ring pinasasalamatan si Dr. Reynaldo O. Cuizon, Dekano ng Graduate School ng Holy Cross of Davao College, sa kanyang karunungan, mahabang pasensya, at dedikasyon sa paggabay sa amin sa proseso ng pagbuo ng pag-aaral. Ang kanyang mga aral, payo, at inspirasyon ay naging malaking tulong

upang higit kong mapaunlad ang aking kakayahan bilang isang mananaliksik.

Taos-puso rin akong nagpapasalamat sa aking mga kalahok o participants na nagbahagi ng kanilang oras, karanasan, at pananaw. Ang kanilang katapatan at kooperasyon ang naging pundasyon ng pag-aaral na ito.

Pinahahalagahan ko rin ang aking mga kasamahan na sina Sir Florian, Hazel, May, at Honnie, na naging katuwang ko sa bawat hamon at tagumpay sa akademikong paglalakbay na ito. Gayundin sa aking mga kaibigan at katrabaho sa kanilang walang sawang suporta at pagganyak na nagtulak sa akin upang magpatuloy.

Sa aking pinakamamahal na mga magulang, si Papa Jaime, at si Mama Cindy, ang inyong mga sakripisyo, pagmamahal, at mga pangarap ang naging inspirasyon ko upang magpatuloy at matapos ang pag-aaral na ito. Ang tagumpay na ito ay hindi lamang para sa akin kundi para rin sa inyo at sa mga pangarap na inyong ipinagkatiwala sa akin.

Sa aking minamahal na pamilya, lalo na sa aking kabiyaik na si Ton2x at sa aking mga anak, taos-puso kong ipinagpapasalamat ang inyong walang sawang pagdarasal, pag-unawa, suporta, at pagmamahal. Kayo ang aking naging lakas, sandigan, inspirasyon, at dahilan upang abutin ang aking mga mithiin.

Higit sa lahat, iniaalay ko ang pinakamataas na pasasalamat sa Poong Maykapal na siyang pinagmulan ng aking karunungan, lakas, at pag-asa. Sa Kanyang walang hanggang biyaya, paggabay, at pagmamahal, naging posible ang lahat ng aking tagumpay at ang pagtatapos ng pag-aaral na ito.

Talaan ng mga Sanggunian

- Blair, A., De Oliveira, L., & Avalos, M. (2024). *Scaffolding multilingual learners in inclusive classrooms*. Journal of Language and Education, 18(2), 112–128.
- Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77–101.
- Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches*. Sage Publications.
- Davis, R., Mohd Zaki, F. B., & Sargent, L. (2024). Autism and bilingualism: A thematic analysis of practitioner perspectives in the United Kingdom. *International Journal of Language & Communication Disorders*, 59(1), 205–222.
- Department of Education. (2023). *VP Sara bares plans towards achieving inclusion in basic education during Language and Inclusion Summit*.
- Eldh, A. C., Årestedt, K., & Berterö, C. (2020). Quotations in qualitative studies: Reflections on constituents, custom, and purpose. *International Journal of Qualitative Methods*, 19, 1609406920969268.
- Galletta, A., & Cross, W. E. (2013). Mastering the semi-structured interview and beyond: From research design to analysis and publication (Vol. 18). NYU press.
- Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). *Naturalistic inquiry*. Sage Publications.
- McCombes, S. (2023). *Descriptive research: Definition, types, methods & examples*. Scribbr.

- Mihai, A., & Classen, J. (2023). *Meaningful interaction and scaffolding in language development among learners with special educational needs*. International Journal of Inclusive Education, 27(5), 455–470.
- Moore, S. A., Calder, J., Folorunsho, J., & Potthoff, S. (2026). Exploring barriers and facilitators to healthcare professional implementation of a stroke physical activity behaviour change intervention to inform targeted strategies: a qualitative study. *Disability and Rehabilitation*, 1-15.
- Moral, R., San Juan, M. T., Pacina, J. B., Sedemo, J., & Tablada, S. (2025). The Significance of Code-Switching in Teaching English, Science, and Mathematics (ENSCIMA) for Junior High School Students. *EIKI Journal of Effective Teaching Methods*, 3(4).
- Oranga, J., & Matere, A. (2023). Qualitative research: Essence, types and advantages. *Open Access Library Journal*, 10(12), 1–9.
- Palinkas, L. A. (2022). Mixed method designs. In *Implementation Science* (pp. 118-122). Routledge.
- Peristeri, E., Vogelzang, M., Tsimpli, I. M., & Durrleman, S. (2024). Bilingualism and second-order theory of mind development in autistic children over time: Longitudinal relations with language, executive functions, and intelligence. *Autism Research*, 17(9), 1818–1829.
- Phillips, S., Yanchik, A., Jung, H., Vietze, P., & Lax, L. E. (2024). Effects of bilingual language exposure on toddlers with autism spectrum disorder. *Frontiers in Psychology*, 15, 1412339.
- Rai, N., & Thapa, B. (2015). A study on purposive sampling method in research. Kathmandu: Kathmandu School of Law, 5(1), 8-15.
- Rosairo, H. S. R. (2023). Thematic analysis in qualitative research. *Journal of Agricultural Sciences–Sri Lanka*, 18(3).
- Saunders, B., Sim, J., Kingstone, T., Baker, S., Waterfield, J., Bartlam, B., ... & Jinks, C. (2018). Saturation in qualitative research: exploring its conceptualization and operationalization. *Quality & quantity*, 52(4), 1893-1907.
- Smith, J. A., Flowers, P., & Larkin, M. (2009). *Interpretative Phenomenological Analysis: Theory, Method and Research*. SAGE Publications.
- Smith, J. A., & Osborn, M. (2015). Interpretative phenomenological analysis as a useful methodology for research on the lived experience of pain. *British journal of pain*, 9(1), 41-42.
- Nations, U. (2015). United Nations. (2016). *The Millennium Development Goals Report*. United Nations. In.
- Villaabrille, I. J., Generalao, S., Mametes, Q., & Bacatan, J. (2024). COMPARING STUDENTS' ATTITUDE TOWARD CODE-SWITCHING. *European Journal of English Language Teaching*, 9(3).
- Villarreal, D. (2024). Sociolinguistic auto-coding has fairness problems too: measuring and mitigating bias. *Linguistics Vanguard*, 10(1), 679-692.
- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes* (Vol. 86). Harvard university press

Apendise A. Gabay sa Pakikipanayam

Pamagat ng Pananaliksik: Buhay Na Tulay: Scaffolding Sa Pagkatuto Ng Filipino Ng Mga Mag-Aaral Sa Special Needs Education

Unang Bahagi	Ano-ano ang iyong karanasan bilang guro sa SNED at sa kasalukuyang set-up ng inclusive education?
Ikalawang Bahagi: Ang guro bilang “More Knowledgeable Other” (MKO)	1. Paano mo ilalarawan ang iyong gampanin kapag ang isang mag-aaral ay nahihirapang intindihin ang aralin sa Filipino dahil mas pamilyar sila sa Ingles? 2. ano ang pinakamahalagang katangian na dapat taglayin ng isang guro upang maging epektibong “tagapamagitan” o tulay sa pagkatuto ng wika? 3. Ano-ano ang mga pagkakataon kung saan naramdaman mong ikaw ang nagsilbing "arkitekto" ng kaalaman ng iyong mag-aaral?
Ikatlong Bahagi: Pag-abot sa “Zone of Proximal Development” (ZPD)	4. Paano mo nalalaman kung ang isang SNED learner ay handa na para sa isang bagong konsepto sa Filipino? Ano-ano ang “senyales” ang iyong binabantayan? 5. Maari mo bang ilarawan ang proseso kung paano mo “binibitawan” o binabawasan ang iyong tulong kapag napapansin mong nagsisisimula nang matuto ang bata nang mag-isa? 6. Ano-ano ang iyong nararamdaman kapag ang isang mag-aaral ay “nag-stuck” sa isang antas at hindi makaunlad sa susunod na yugto sa kabila ng iyong pagganap?
Ika-apat na Bahagi: Mga estratehiya sa scaffolding at linguistic mediation.	7. Batay sa iyong karanasan, ano-anong malikhaing paraan (hal. code switching, visual cues, o gestures) ang iyong ginagamit upang maintindihan ng English dominant learner ang mga malalalim na salitang Filipino? 8. Paano mo binabalanse ang pagsunod sa opisyal na kurikulum at ang pangangailangang mag-adjust ng wika para sa iyong mga mag-aaral? 9. Maari mo bang ilarawan ang isang sitwasyon kung saan ang isang simpleng “scaffold” o tulong ay nagbunga ng malaking tagumpay para sa iyong mag-aaral?
Ikalimang Bahagi: Pagbuo ng kahulugan (Makinig)	10. Ano ang pinakamalaking sakripisyo o hamon na kinakaharap mo sa araw-araw sa pagtuturo ng Filipino sa kontekstong SNED? 11. Sa kabuuan, paano mo binibigyang-kahulugan ang iyong karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na may special needs na Ingles ang unang wika? 12. Anong metapora o simbolo ang pinakaangkop na naglalarawan sa iyong gampanin, at ano ang pinagmulan nito? 13. Ano ang mensaheng nais mong iparating sa mga mambabatas o tagagawa ng polisiya tungkol sa reyalidad ng pagtuturo sa mga inklusibong silid-aralan?